

★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 36 ★

OO SA PROP. 36: MAS MAHIGPIT NA MGA BATAS UPANG GAWING MAS LIGTAS ANG ATING MGA KOMUNIDAD AT PANAGUTIN ANG MGA PAULIT-ULIT NA KRIMINAL

Ang California ay nagdurusa mula sa pagtaas ng krimen at sa pagkalat ng mga nakamamatay na matitigas na droga tulad ng fentanyl. Aayusin ng Prop. 36 ang gulo na hindi pinansin ng ating mga pulitiko sa napakatagal na panahon. Ito ay isang balanseng pamamaraan na nagwawasto sa mga butas sa batas ng estado na sinasamantala ng mga kriminal upang maiwasan ang pananagutan para sa pagtrapiko ng fentanyl at paulit-ulit na pagnanakaw sa mga tindahan.

OO SA PROP. 36: MAS MAHIGPIT NA MGA BATAS UPANG PATIGILIN ANG MGA PAGNANAKAW NA; "SMASH-AND-GRAB"

Ang pagtaas ng pagnanakaw sa mga tindahan ay nagtulak sa mga tindahan sa buong California ng presyo, ikandado ang mga tinda, at magsara ng kanilang mga pinto. Ang Prop. 36 ay nagdaragdag ng mga parusa para sa mga krimeng smash-and-grab kapag tatlo o higit pang mga tao ang sama-samang kumilos upang gumawa ng pagnanakaw. Pinahihintulutan din nito ang mga tagausig na magsampa ng mga kasong felony kung ang nasasakdal ay may dalawa o higit pang naunang nahatulang pagnanakaw.

"Kailangan ng California ang mas mahigpit na mga batas ng Prop. 36 laban sa mga pagnanakaw nasmash-and-grab upang mapanatiling bukas ang maliit na negosyo sa bawat komunidad."—Robert Rivinius, Ehekutibong Direktor, Asosasyon ng mga Negosyo ng Pamilya ng California

OO SA PROP. 36: MAS MAHIGPIT NA PAG-UUSIG SA MGA PAULIT-ULIT NA MAGNANAKAW

Sa kasalukuyang batas ng California, ang mga magnanakaw ay maaaring makalusot na parang nakatanggap lamang ng TIKET SA TRAPIKO kung ang halaga ng mga ninakaw sa isang pagkakataon ay \$950 o mas mababa. Ibig sabihin, maaaring magnakaw ang isang tao nang WALANG LIMITASYON—basta't ang bawat indibidwal na krimen ay hindi lalampas sa \$950—at malamang na makakaiwas sa pagkakakulong at kahit sa pag-aresto.

"Papayagan ng Prop. 36 ang mga tagausig na pagsamahin ang halaga ng mga ninakaw mula sa maraming pagnanakaw at pataasin ang pananagutan para sa mga paulit-ulit na magnanakaw."—Mike Hestrin, Abugado ng Distrito ng County ng Riverside

OO SA PROP. 36: MAS MAHIGPIT NA MGA PARUSA PARA SA PAGTRAPIKO NG FENTANYL

Ang fentanyl ay isa sa mga pangunahing sanhi ng kamatayan sa California, kung saan mas maraming kabataan ang namamatay dahil sa labis na

paggamit ng droga kaysa mga aksidente sa sasakyan. Ngunit ang fentanyl ay itinuturing na hindi kasing seryoso ng methamphetamine, heroin, PCP, at cocaine kapag ang mga nagkasala ay may dalang baril. Isasara ng Prop. 36 ang butas na ito habang pinapataas ang mga parusa para sa pagkalat ng maraming droga at kapag ang isang nagbebenta ng droga ay nagbebenta sa isang tao na namatay bilang resulta.

"Marami nang tao ang pinatay ang fentanyl, ngunit ang mga nagbebenta nito ay maaaring makaiwas sa mga kahihinatnan. Kailangan natin ang Prop. 36 dahil walang magulang ang dapat kailanman maglibing ng isa pang anak na namatay dahil sa pagkalason sa fentanyl."—Gina McDonald, Ka-Tagapagtatag, Mga Inang Laban sa Adiksiyon at Pagkasawi sa Droga
OO SA PROP. 36: PANAGUTIN ANG MGA PAULIT-ULIT NA KRIMINAL AT IPATUPAD ANG MGA INIAATAS NA PAGGAMOT SA DROGA.

Sa California, ang mga reporma sa hustisyang pangkrimen ay nagtaguyod ng pagkakapantay-pantay at nagbawas ng mga antas ng pagkakakulong. Ngunit ang hindi inaasahang mga epekto ng mga patakarang ito ay kinabibilangan ng epidemya ng paggamit ng droga, pagtrapiko, at paulit-ulit na pagnanakaw sa mga tindahan dahil ang mga taong gumagawa ng mga krimeng ito ay hindi nahaharap sa anumang seryosong kahihinatnan.

"Gagawin ng Prop. 36 na patas ang ating sistema ng hustisya at lilikha ito ng mabibisang kasangkapan para panagutin ang mga indibidwal sa kanilang mga krimen at tutulungan ang mga nagdurusa sa pagkagumon sa matitinding droga na makuha ang kinakailangang paggamot upang makapagsimula ng bagong buhay."—Rev. Jonathan Moseley, Direktor ng Kanluraning Rehiyon, Pambansang Network ng Pagkilos sa Los Angeles

BUMOTO NG OO SA PROP. 36 PARA SA MAS LIGTAS NA MGA KOMUNIDAD SA CALIFORNIA

Ang Prop. 36 ay magpapatibay sa mga batas ng Californiasa pagnanakaw na "smash-and-grab" at pagtrapiko ng fentanyl. Iyan ang dahilan kung bakit ang maliit na negosyo, tagapagpatupad ng batas, hustisyang panlipunan, mga biktima ng krimen, at mga tagapagtaguyod ng mga nakaligtas sa droga, kasama ang 900,000 na taga-California ay sumusuporta sa Prop. 36.

Basahin ito para sa iyong sarili sa VoteYesProp36.com.

Gregory Totten, Punong Ehekutibong Opisyal
Asosasyon ng mga Abogado ng Distrito ng California

Harriet Salarno, Tagapagtatag
Mga Nagkaisang Biktima ng Krimen

Michael Hedges, Pangulo
Kapisanan ng Maliit na Negosyo sa California

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 36 ★

36

Ang pagnanakaw sa mga tindahan at fentanyl ay mga tunay na problema. Ang mga taga-California ay nararapat sa mga tunay na solusyon. Ang Prop. 36 ay isang maling pangako, hindi isang pag-aayos.

Ang Prop. 36 ay muling magpapasimula ng nabigong digmaan laban sa droga, mag-aaksaya ng bilyon-bilyong pondo sa mga kulungan at bilangguan, at magbabawas ng mahalagang pondo para sa pagpigil sa krimen, paggamot, mga biktima, at rehabilitasyon. Nangangahulugan ito ng mas maraming krimen, hindi ng mas kaunti.

Ginagawa ng Prop. 36 na isang felony ang simpleng pagmamay-ari ng droga, ginagastusan ng bilyon-bilyon ng mga nagbabayad ng buwis para sa pagpapakulong nang hindi naman nababawasan ang krimen. Napagpasyahan ng walang partidong Opisina ng Pambatasang Manunuri na ang panukalang ito ay mag-aatas sa estado na gumastos ng bilyon-bilyong pa para sa mga bilangguan sa susunod na ilang taon. Nangangahulugan iyon ng mas malaking pagbawas sa mga paaralan, pangangalaga sa kalusugan, at iba pang mahahalagang serbisyo.

Ang panukala ay napakasama rin ang pagkakabalangkas kaya't magdudulot lamang ito ng kalituhan sa mga korte at hindi magreresulta sa mas mataas na mga parusa sa maraming kaso ng pagnanakaw sa mga tindahan.

Sa nakalipas na dalawang taon, pinalaki ng mga lider ng estado ang pondo para sa mga pag-uusig ng pagnanakaw sa mga tindahan at pagtrapiko ng

fentanyl, na nagresulta sa mas maraming hatol. Patuloy na nagpapasa ang mga mambabatas ng mahihigpit na bagong batas na tumutugon sa mga sindikato ng pagnanakaw sa mga tindahan, ilegal na online na pamilihan, at fentanyl.

Ang batas ng California ay nag-aatas na ng mga felony para sa mga pagnanakaw na smash-and-grab, pagtrapiko ng droga, at paulit-ulit na pagnanakaw, at ang mga seryosong krimeng ito ay maaaring magresulta sa mabibigat na parusa. Walang butas sa batas—sa kasalukuyang batas, ang mga nagtatrapiko ng fentanyl at mga paulit-ulit na magnanakaw ay maaari at talagang gumugol ng mga taon sa likod ng mga rehas. Ang Prop. 36 ay walang inaayos—tungkolito sa pagpopondo sa mga bilangguan sa halip na sa paggamot at pagpigil. Ito ay magpapaatras sa California, hindi magsusulong.

Huwag magpalinlang sa mga maling solusyon. Bumoto ng HINDI sa Prop. 36.

Cristine Soto DeBerry, Ehekutibong Direktor
Pagkilos ng Alyansa ng mga Tagausig

Don Frazier, Ehekutibong Direktor
Kapisanan ng mga Tagapagkaloob ng Serbisyo sa Reentry sa California

David Guizar, Ka-Tagapagtatag
Mga Nakaligtas sa Krimen para sa Kaligtasan at Hustisya

★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 36 ★

BUMOTO NG HINDI SA PROP. 36! ITO AY ISANG MAAKSAYANG PAMAMARAAN NA GINAGAWA ANG CALIFORNIA NA MAS HINDI LIGTAS. Ang PROP. 36 ay isang matinding hakbang na mag-aaksaya ng \$750 milyon mula sa mga nagbabayad ng buwis; magbabawas ng pagpopondo mula sa mga programa para sa kalusugan ng isip, paggamot sa droga, at rehabilitasyon; at walang gagawin upang gawing mas ligtas tayo.

ANG PROPOSISYON 36 AY MALING SAGOT. Kailangan nating magkaroon ng lahat-ng-nabanggit na pamamaraan upang mapigilan ang paggamit ng fentanyl at mapabuti ang kaligtasan ng publiko, ngunit ang PROP. 36 ay kabaligtaran nito. Ito ay isang-sukat-angkop-sa-lahat na pagharap na bilangguan muna. Ito ay magpapakulong sa mga taong hindi naman panganib, magbabawas ng lubhang kailangang pondo mula sa mga napatunayang programa sa pagpigil sa krimen at paggamot, at gagastusan ng karagdagang daan-daang milyon ng mga nagbabayad ng buwis sa mga bilangguan.

ANG PROP. 36 AY MASYADONG MATINDI. Ang Prop. 36 ay napakatindi na kahit ang pagnanakaw ng isang kendi ay maaaring magresulta sa mga kasong felony. Ito ay isang labis na hakbang na nagbabalik ng mga taktika ng “digmaan laban sa droga” noong 1980s na nagpuno sa ating mga bilangguan ng estado ng mga taong nahatulan ng mabababang antas na paglabag sa droga, na nakakasama sa kaligtasan ng publiko at nakakapinsala sa mga pamilya at komunidad.

Kailangan nating tugunan ang mga patuloy na problema tulad ng pagnanakaw at fentanyl, ngunit dapat nating gamitin ang mga solusyong gumagana at nakatuon sa tunay na isyu, sa halip na ang mga hindi matagumpay na solusyon ng nakaraan. Sa pamamagitan ng paggawa sa simpleng pagmamay-ari ng droga bilang isang felony, ang panukalang ito ay magpapadala ng libu-libo sa mga bilangguan ng estado, magpapataas ng gastos sa bilangguan, at magbabawas ng pondo para sa mga lokal na programa sa kaligtasan. Ito ay magpapalala ng krimen, hindi magpapabuti.

ANG PROP. 36 AY NAG-AALIS NG PONDO MULA SA MGA BIKTIMA NG KRIMEN, REHABILITASYON, AT KALUSUGAN NG ISIP. Ang Prop. 36 ay mag-aalis ng milyon-milyong pondo mula sa mga nakalaang pondo para sa rehabilitasyon at mga serbisyo para sa mga biktima ng krimen, at sa halip ay palalawakin nito ang badyet ng mga bilangguan ng estado.

Ang mga lokal na programa sa pampublikong kaligtasan na nakikipagtulungan sa pagpapatupad ng batas upang maiwasan ang krimen at mapigilan ang paulit-ulit na pagpasok at paglabas ng mga tao

sa mga kulungan ay MAWAWALAN ng pagpopondo kung papasa ang Prop. 36. Kasama rito ang mga epektibong programa sa pagbabawas ng pagbalik sa masamang gawain na tumutulong sa mga taong nahihirapan sa kalusugan ng isip at pagkagumon na makaalis sa lansangan at makapasok sa paggamot, pati na rin ang mga sentro ng paggaling mula sa trauma para sa mga biktima ng krimen at mga programang nagbibigay ng pag-iwas sa pagliban at pag-dropout para sa mga kabataang nasa panganib. Ang mga programang ito ay may napatunayang rekord ng pagpigil sa krimen. Kailangan natin ng MAS MARAMI pang mga programang ganito, na nakikipagtulungan sa pagpapatupad ng batas, hindi mas kaunti. Ang panukalang ito ay nagkukulang lamang ng mas maraming tao sa bilangguan ng estado.

ANG PROPOSISYON 36 AY ITINUTULAK NG MGA MAGA-REPUBLICAN. Huwag magpaloko. Ang mga lider ng pagpapatupad ng batas, mga biktima ng krimen, at mga eksperto sa rehabilitasyon ay tumutulong sa Prop. 36 dahil binabawasan nito ang pera para sa pampublikong kaligtasan, mga biktima, at mga programang panggamot na pumipigil sa paulit-ulit na pagkakasala. **SUMASANG-AYON ANG MGA EKSPERTO SA KRIMEN, PAGGASTA, AT HUSTISYANG PANGKRIMEN:** HINDI gagawin ng Prop. 36 na mas ligtas ang ating mga komunidad. Ang Prop. 36 ay MAG-AAKSAYA ng daan-daang milyon ng INYONG buwis sa mga pamamaraan na napatunayang hindi episiente at hindi epektibo.

Ang pagboto para sa Prop. 36 ay pagboto upang bawasan ang pondo para sa paggamot at sa mga biktima at mag-aaksaya ng pera ng mga nagbabayad ng buwis. Ang pagboto ng HINDI sa Prop. 36 ay nagpapanatili ng mabibigat na parusa para sa pagtrapiko ng droga at organisadong krimen, at pinoprotektahan ang nakalaang papopondo para sa paggamot, pagpigil sa krimen, at rehabilitasyon na matagumpay na nagbabawas ng krimen at pagbabalik sa paglabag sa batas.

BUMOTO NG HINDI SA PROP. 36

Karagdagang impormasyon: StopProp36.com

Diana Becton, Abugado ng Distrito
County ng Contra Costa

William Lansdowne, Hepe ng Pulisya (ret.)
Lungsod ng San Diego

Jess Nichol, Tagapagtaguyod ng Biktima
Mga Nakaligtas sa Krimen para sa Kaligtasan at Hustisya

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 36 ★

OO SA PROP. 36: BALANSE AT RESPONSABLENG MGA SOLUSYON SA PAGTAAS NG KRIMEN

Ang California ay may malubhang problema sa krimen, at nabigo ang mga pulitiko na ayusin ito. Ang Prop. 36 ay isang inyangkop na reporma na nakatutok sa mga ugat na sanhi ng tumataas na krimen: • Paulit-ulit na pagnanakaw sa tindahan • Pagtrapiko ng fentanyl • Pagkagumon sa droga na walang insentibo para sa paggamot

PROP. 36: NAKATUON NA PAGTUGON SA KRISIS NG KRIMEN SA CALIFORNIA

Pinapataas ng Prop. 36 ang mga parusa para sa smash-and-grab na pagnanakaw at mga serial na magnanakaw na paulit-ulit na bumibiktima ng mga negosyo. Walang mapupunta sa bilangguan dahil sa “pagnanakaw ng isang candy bar,” at binibigyan ang mga hukom ng kapangyarihan na tasahin ang bigat ng mga krimen para sa pagsentensiya. Ang Prop. 36 ay hindi magrerresulta sa labis na pagkulong.

PROP. 36: MATALINONG PARAAN SA PAGGAMOT NG PAGKAGUMON SA DROGA

Ang Prop. 36 ay hindi awtomatikong magkukulong ng mga gumagamit ng droga. Sa halip, ibinabalik nito ang mga korte ng droga, na nagbibigay ng mga insentibo sa mga nagkasala na tatlong beses nang nahatulan upang kumpletuhin ang paggamot sa droga.

PROP. 36: PAGTITIPIID PARA SA MGA KONSYUMER AT NAGBABAYAD NG BUWIS

Ang maliliit na negosyo at tindahan sa California ay nawalan ng halos \$9 na bilyon noong 2022 mula sa pagnanakaw. Ang pagtutok sa maliit na grupo ng mga kriminal na paulit-ulit na nagnanakaw ay magrerresulta sa malaking matitipid para sa mga konsyumer. Ang paggamot sa pagkagumon ay isang matalinong paraan upang matugunan ang ilegal na paggamit ng droga at mga labis na dosis na ginagastusan ng \$60 bilyon taun-taon para sa mga opioid lamang sa California, ayon sa CDC.

PROP. 36: MAS MAHIGPIT NA MGA PARUSA AT PANANAGUTAN

Hindi natin dapat hayaan ang mga pulitiko na sabihin sa atin na walang problema sa krimen sa California. Ang Prop. 36 ay isang matalino, balanse, at responsableng paraan ng mas mahigpit na mga parusa para sa mga inaasintang krimen at tunay na pananagutan para sa pampublikong kaligtasan.

BASAHIN KUNG BAKIT ANG PROP. 36 AY SINUSUPORTAHAN NG MGA DEMOKRATIKO AT REPUBLIKANO, MALILIIT NA NEGOSYO, MGA ALKALDE, MGA GRUPO NG HUSTISYANG PANLIPUNAN AT MGA GRUPO NG BIKTIMA, AT PAGPAPATUPAD NG BATAS

VoteYesProp36.com

Robert Rivinius, Ehekutibong Direktor
Asosasyon ng mga Negosyo ng Pamilya ng California

Jay King, Pangulo
Kamara de Komersiyong Black sa California

Greg Van Dyke, Pangulo
Mga Tagapagtaguyod ng Mamimili para sa Pagiging Abot-Kaya at Kaligtasan sa California